

Pamagat/Paksa: Pagprotekta sa Access sa Mga Serbisyo at Suporta para sa LAHAT ng taga-California

Katawan:

Mahal na Komunidad,

Iniulat ng [Associated Press](#) na ang pederal na Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (Centers for Medicare and Medicaid Services) na kilala bilang CMS, sa linggong ito ay nagbigay ng impormasyon ng Medicaid para sa ilang estado, kabilang ang California, sa pederal na Departamento ng Seguridad ng Bansa (Department of Homeland Security). Ang Gobernador Newsom ay naglabas ng isang [malakas na pahayag bilang tugon](#). Kasalukuyang hindi alam kung anong partikular na impormasyon ang ibinahagi sa pagitan ng mga pederal na ahensyang ito.

Hiniling sa amin ng Kalihim ng Ahensya ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng California (California Health and Human Services Agency) na si Kim Johnson na ibahagi ang sumusunod na mensahe sa buong komunidad:

“Sa buong Ahensya ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng California (California Health and Human Services Agency), nagtatrabaho kami sa pakikipagtulungan bawat araw upang isagawa ang aming misyon, upang suportahan ang mga taga-California na higit na nangangailangan sa amin, at upang makamit ang isang malusog na California para sa Lahat. Kami ay mga taong naglilingkod sa mga tao, na nakasentro sa dignidad at kalusugan ng ating mga komunidad.

Bagama't totoo ang takot sa mga komunidad sa buong California, patuloy kaming naglilingkod, upang tukuyin at tugunan ang mga hindi natutugunan na pangangailangan, at makipagtulungan sa komunidad. Ang ating trabaho ay higit na mahalaga sa mga mapanghamon at walang katiyakang panahong ito. Bagama't ang mga panahong ito ay hindi pa nangyari dati, hindi ito bago. Mayroon kaming mga serbisyong naka-embed sa komunidad na nananatiling matatag at patuloy na nag-aalok ng katatagan at koneksyon.

Hinihikayat ko ang bawat isa sa inyo na suportahan ang isa't isa habang tayo ay naglalakbay sa bawat araw. Mangyaring pangalagaan din ang iyong sarili gaya ng pag-aalaga mo sa iba at kilalanin na para sa marami sa atin, ang gawain ay napaka-personal. Bagama't napakabigat ng karanasan sa sandaling ito, tiwala ako na mangunguna rin tayo, at makakaranas, ng mga halimbawa ng empatiya, tulong sa isa't isa, pagkakaisa, lakas, at pagtutulungan. Kami ay California.”

Ang sistema ng mga serbisyo ng kapansanan sa pag-unlad ng California ay isang karapatan para sa LAHAT ng karapat-dapat na mga taga-California na may mga kapansanan sa intelektwal o pag-unlad, hindi alintana kung sino sila. Lubos naming sineseryoso ang aming obligasyon na sundin ang mga batas ng estado at pederal na nagpoprotekta sa iyong impormasyon at nililimitahan kung kailan at paano ito maibabahagi. Mula noong Enero, inilabas namin ang

sumusunod na impormasyon sa pamamagitan ng direktiba, mga email, at mga artikulo sa newsletter:

- [Mga Mapagkukunan para sa Lahat ng taga-California](#): Impormasyon tungkol sa mga karapatan at legal na serbisyo
- [Mga Serbisyong Legal sa Imigrasyon](#): Libreng serbisyong legal at edukasyon sa komunidad para sa mga pamilyang naggagalugad sa sistema ng imigrasyon
- [Mga pakete ng Impormasyon sa Early Start at Lanterman Act](#): Impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat, mga serbisyo, at iyong mga karapatan, sa maraming wika
- [Fact Sheet ng Proteksyon sa Pagkapribado](#): Nagbubuod kung paano pinoprotektahan ang impormasyon sa maraming wika
- [Isang Mas Masusing Pagtingin sa Proteksyon sa Pagkapribado](#): Mga detalye kung paano pinoprotektahan at ginagamit ang impormasyon, na may mga karagdagang mapagkukunan
- [Mga Mapagkukunan upang Matuto Tungkol sa Iyong Mga Karapatan sa Pagkapribado](#): Paano makipagtulungan sa iyong pangkat sa pagpapalano upang protektahan ang pagkapribado sa bahay at higit pa
- [Direktiba sa Pag-access sa Impormasyon ng Kliyente](#): Ipinadala sa mga sentrong pangrehiyon at mga tagapagbigay ng serbisyo kung paano dapat kontrolin ang pag-access sa impormasyon sa mga pampubliko at pribadong lugar
 - [Acceso a la Información del Cliente \(Spanish\)](#)
 - [Bersyon ng simpleng wika](#) at sa [Espanyol](#)

Para matupad ang mensahe ni Kalihim Johnson ng pagtutulongan, pagkakaisa, at kolaborasyon inaalok din namin ang impormasyon sa ibaba para sa tulong. Patuloy naming pagbubutihin at i-update ang mga mapagkukunang ito.

Tulong:

- [Maghanap ng Food Bank](#): Makukuha ang mga sariwang ani at karaniwang makikita sa pantry sa iyong lugar
- [California Kalusugan sa Pag-iisip para sa Lahat](#): Mga mapagkukunan para sa krisis sa kalusugan ng isip, kung paano maggalugad sa saklaw sa kalusugan, at mga mapagkukunan para sa emosyonal na suporta
- [CalHOPE](#): 24/7, pinapatakbo ng mga kapantay (peer-run), mga warm na linya na krisis (crisis warm lines) at digital na mga serbisyo na nag-aalok ng kumpidensyal, emosyonal na suporta
- [Mga Mapagkukunan ng Kalusugan sa Pag-iisip para sa Kabataan](#): Iba't ibang mga mapagkukunan at organisasyon ng kalusugan ng isip na partikular sa kabataan
- [Pagtulong sa mga Bata na Makayanan Pagkatapos ng Traumatikong Pangyayari \(Child Mind Institute\)](#): Mga tip sa maraming wika para sa pagsuporta sa mga bata na nakakaranas ng trauma

Mga Legal na Dokumento:

- [Gabay sa Tulong sa Sarili sa Guardianship](#): Maaaring maghanda ang mga pamilya na magtatag ng mga guardianship

- [Petisyon para sa Paghirang ng Tagapangalaga ng isang Menor de edad](#): Gumawa ng guardianship sa pamamagitan ng paghaharap sa iyong lokal na hukuman
- [California Batas sa Kapangyarihan ng Abugado \(Statutory Power of Attorney\)](#): Bigyan ng legal na awtoridad ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo para sa mga di-medikal na desisyon
 - [Poder conforme a la ley uniforme sobre la elaboración de poderes del estado de California](#)
- [Paunang Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan](#): Ipahayag ang mga kahilingan sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyong sarili at mga umaasa sa iyo (dependent) at kung sino ang dapat magsalita para sa iyo kung hindi mo ito magawa
 - [Instrucción anticipada de atención de salud de California](#)
- [Gabay sa Pagpapalit ng mga Dokumento](#) (Pahina 9): Mga hakbang na dapat gawin upang palitan ang nawala, mahahalagang dokumento

Kami ay nagsusumikap nang madalian upang magbigay ng mga tagubilin sa mga sentrong pangrehiyon sa:

- Aktibong makipag-ugnayan sa ilang indibidwal at pamilya upang matiyak na natutugunan ang mga kagyat na pangangailangan at maaaring magpatuloy ang mga serbisyo
- Ipagpatuloy ang mga serbisyo kahit na binago ang katayuan ng pagiging magulang o tagapag-alaga
- Unahin ang mga kahilingan para sa mga update sa Indibidwal na Plano ng Programa (Individual Program Plan o IPP) at Indibidwal at Plano ng Serbisyong Pampamilya (Individual and Family Service Plan o IFSP) upang makatulong sa pagbabago ng mga pangangailangan ng pamilya, tulad ng mas maraming oras sa bahay o hindi pagpunta sa paaralan sa tag-init (summer school) o mga programa sa tag-init (summer programs)
- Pahintulutan ang mga pagpupulong, kabilang ang mga pagpupulong ng IPP at IFSP, na mangyari nang malayuan gamit ang mga telepono o computer
- Pabilisin ang pansamantalang tulong sa pabahay at transportasyon para sa mga pamilyang lumikas

Magbibigay din kami ng direksyon sa mga tagapagbigay ng serbisyo na payagan ang mga serbisyo na maibigay nang malayuan, hangga't maaari. Pakitandaan na hindi lahat ng serbisyo, tulad ng transportasyon o personal na tulong, ay maaaring ibigay nang malayuan.

Sa mga oras ng kawalan ng katiyakan, natural na makaramdam ng takot o labis na pagkabalisa. Mangyaring ingatan ang iyong sarili, ang iyong mga kaibigan, at ang iyong mga kapitbahay. Ang Departamento ay patuloy na magbabahagi ng impormasyon at mga mapagkukunan kapag magagamit na ang mga ito. Kung kailangan mo ng mga karagdagang suporta o pagbabago sa mga serbisyong natatanggap mo, mangyaring ipaalam sa iyong tagapag-ugnay ng serbisyo.